# Mga Kaibigan at Pananampalataya

Ni Melissa Hart, Utah, USA




**Hi! Ako si Ivana.**

Nakatira ako sa Bogotá, Colombia, at ako ay naninindigan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo sa mga kaibigan at kapamilya ko.



*Nag-aaral ako sa isang paaralang Katoliko para sa mga babae. Ang ilan sa aking mga paniniwala ay iba sa mga kaklase at guro ko, pero iginagalang nila ako, at iginagalang ko sila. Nag-uusisa sila tungkol sa relihiyon ko, at kinukuwentuhan ko sila tungkol dito! Narito ako at ang kaibigan kongg si Luisa.*

*Tinanong ako ng isang guro kung kapareho ng sa Katoliko ang mga pinaniniwalaan natin. Sinabi ko sa kanya na naniniwala tayo kay Jesucristo. Bumanggit din ako tungkol sa Aklat ni Mormon, Biblia, at Doktrina at mga Tipan.*



*Ang tatay ko ay hindi miyembro ng Simbahan, pero madalas siyang dumalo sa mga aktibidad sa Simbahan. Binibiro ko siya na isa siyang "Cath-ormon" (Catholic-Mormon).*



*Bumisita kami sa Salt Lake City para sa pangkalahatang kumperensya at narinig naming magsalita si Pangulong Monson. Napakaganda ng mga sinabi niya, at nagtuturo ito tungkol sa ebanghelyo.*



*Inanyayahan ko ang isang kaibigan sa paaralan na dumalo sa binyag ko, at nagpunta nga siya! Natutuwa akong makabahagi siya sa karanasang iyon.*



*Maganda ang Bogotá Colombia Temple. Gusto kong makapasok doon balang-araw para marami pa akong matutuhan tungkol sa ebanghelyo. Sumama sa akin ang kaibigan kong si Laura.*



## MGA TIP NI IVANA SA PANININDIGAN



Ngumiti at ibahagi sa iba ang mga kuwento mula sa simbahan at mga banal na kasulatan.

Dumalo sa mga miting sa Simbahan tuwing Linggo.

Magdaos ng family home evening.

Sikaping magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw.